# Ang Mga Kapangyarihang Europeo Sa Ikalawang Yugto ng Rebolusyong Pilipino:
## *Ang Naging Paninindigan at Pagkilos sa Konteksto ng Imperyalismo*

RONALDO MACTAL, PH.D.*

From 1880 to 1914, a new kind of Imperialism was born. This kind of Imperialism is driven not only by the strategic, political or ideological imperatives but most importantly by economic. Imperialist countries like England, France, Germany, Italy and the United States' development toward industrialization gave rise to the need to conquer new territories to serve as market for their surplus products and sources of raw materials. Because almost all the countries except the territories of China had been divided among the Northern imperialists, the only choice would be to conquer the territories held by the weakening rule of the Chinese and the territories of fellow Imperialist who became relatively weak to protect their colonies against stronger fellow Imperialists.

The prevailing politics of Imperialism at the onset of the 20th century had a very significant influence on the direction and results of the Philippine Revolution, particularly on its second phase i.e. the Filipino-American War. This paper tries to prove that the stand and action that the Imperialists took during the War is directly connected with the politics of Imperialism and the strong competition of the Imperial powers over the Asia-Pacific region.

* Propesor ng Kasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas, Manila.

## PANIMULA

Ang panahon mula 1880 hanggang sa pagsisimula ng Unang Digmaang Pandaigdig noong 1914 ay itinuturing na panahon ng Bagong Imperyalismo o pang ekonomikong imperyalismo sa ilan. Ang pangunahing katangian nito ay ang masigasig na kompetisyon at tunggalian sa pagpapalawak ng teritoryo sa iba't-ibang bahagi ng mundo sa pagitan ng mga bansang makapangyarihan o imperyalista. Ayon sa heograpong si A.Supan, ang bagong imperyalismo ay tinawag niyang ang paghahati-hati ng mga makapangyarihang bansa ng Aprika at Polynesia na sinusugan naman ni Lenin na ang panghuli o pinal na paghahati ng mundo sa pagitan ng mga imperyalista dahil halos buong daigdig ay napaghati-hatian na ng mga ito at ang tanging natitira na lamang ay ang Aprika at Polynesia.[1]

Ang paligsahan sa pagpapalawak ng mga lupain sa pagitan ng mga bansang imperyalista ay resulta ng Pangalawang Rebolusyong Industriyal na kung saan maliban sa Inglatera, ang iba pang mga bansang makapangyarihan tulad ng Pransya, Alemanya, Olandiya, Italya at maging ang Estados Unidos at Hapon ay pumasok na rin sa industriyalisasyon. Ang pagpasok ng mga naturang bansa sa Rebolusyong Industriyal ay nagbigay daan sa matinding kompetisyon sa paghahanap ng pamilihan ng mga niyaring kalakal at sa kadahilanan na ang halos lahat ng mga naturang bansa maliban sa Inglatera ay nagpapatupad ng matinding proteksyonismo sa pagpasok ng mga niyaring kalakal ng isang kapwa imperyalista upang mapangalagaan ang mga katatayo pa lamang nitong mga industriya. Ang tanging naging bukas na pinagpipilian na lamang ng mga imperyalista ay ang pagpapalawak o ang pagpigil ng produksyon. At sa dalawang ito, ang pagpapalawak ang direksyong tinungo ng mga imperyalista. Kalaunan, ang mga kolonya ay nagsilbi na ring mapagkukunan ng mga hilaw na materyales tulad ng asukal, abaka, kape, tabako, goma at iba pa upang tustusan ang pangangailangan ng mga industriya ng mga bansang makapangyarihan.

Ang pagpapalawak ng mga bansang makapangyarihan sa panahon ng bagong imperyalismo ay higit na naging

masalimuot sa kadanilanan na ang halos buong daigdig ay ganap ng pinaghahatian ng mga bansang imperyalista. Ang tanging naging bukas na lamang sa pagpapalawak ay ang ilang bahagi ng mundo na pinamumunuan ng mga mahihinang katutubong pinuno tulad ng Tsina o ang teritoryong sakop ng mga kapwa imperyalista na mahina na at wala ng kakayahan pang maipagtanggol ang mga lupaing sakop sa higit na malakas na kapwa imperyalista.

Sa kaso ng Pilipinas, sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano sa Ikalawang Yugto ng Rebolusyong Pilipino, maituturing na ang pakikisangkot at paninindigan ng mga bansang makapangyarihan partikular ang mga Europeo ay nakabatay sa hangarin ng mga itong mailipat sa kanila ang pamamahala o di kaya ang makabahagi sa anumang biyaya na maari nitong mapakinabangan sa paglilipat ng kontrol ng Pilipinas mula sa Espanya. Ang ganitong pagsusuri ay mapapatunayan sa naging paninindigan ng Kaiser Wilhelm II ng Alemanya na *ang buong Pilipinas ay hindi dapat mailipat ng Espanya sa isang bagong Kapangyarihan hangga't hindi nakakakuha ang kanyang bansa (ang Alemanya) ng anumang kompensasyon.*[2]

## LAYUNIN AT LIMITASYON NG PAG-AARAL

Pangunahing tesis ng pag-aaral na ito na ang pulitika ng imperyalismo sa huling bahagi ng ika-19 na dantaon hanggang sa unang dekada ng ika-20 dantaon ay nagkaroon ng epekto o impluwensya sa naging direksyon at kinahinatnan ng Rebolusyong Pilipino partikular sa ikalawang yugto nito, ang Digmaang Pilipino-Amerikano. Nais patunayan ng pag-aaral na ang naging paninindigan at pagkilos ng mga bansang imperyalista sa Digmaang Pilipino-Amerikano ay hindi maaring maihiwalay sa pulitika ng imperyalismo partikular ang matinding tunggalian at paligsahan ng mga imperyalista sa Asya-Pasipiko. Sa pag-aaral na ito, nais patunayan na ang naging paninindigan at pakikisangkot ng mga bansang imperyalista sa isyu ng Digmaang Pilipino-Amerikano ay hindi isinaalang-alang ang interes ng mga Pilipino bagkus ang pansariling interes sa kalakalan at negosyo lamang ng mga ito.

Sa pag-aaral na ito, itutuon ang talakayan sa naging paninindigan at pakikisangkot ng ilang mga bansang

makapangyarihang Europeo sa isyu na pagkilala sa kalayaan ng Pilipinas sa panahon ng Ikalawang Yugto ng Rebolusyong Pilipino partikular ang Digmaang Pilipino-Amerikano. Ang mga bansang pangunahing pagtutuunan ng pag-aaral ay ang Inglatera, Alemanya, Pransya, at Rusya. Ang pagpili sa mga nasabing bansa ay batay lamang sa mga bukal (sources) na nakalap ng may-akda sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Sa pag-aaral na ito, ang mga terminong Kapangyarihan (The Powers) at Bansang Makapangyarihan (World Powers) ay maituturing na kasingkahulugan din ng terminong bansang imperyalista. Ito ay binibigyang katuwiran sa kadahilanang ang mga bansang nabanggit ay siya ring mga imperyalista at ang mga imperyalista ay ang mga bansang makapangyarihan din. Samantala, ang naging batayan sa pagtawag sa mga nasabing bansa bilang makapangyarihan ay ang kalakasan ng mga puwersang pandagat ng mga ito at ang kakayahang magpalawak ng teritoryo sa iba't-ibang bahagi ng mundo. Sa kabilang dako, ang mga imperyalistang tinutukoy sa pag-aaral na ito ay hindi ang buong mamamayan ng mga bansang makapangyarihan kundi ang pamahalaan at namumuno lamang sa mga bansang ito na siyang nagdedesisyon at nagpapatupad ng patakarang pagpapalawak. Kinikilala ng may-akda na sa loob ng bansa ng mga imperyalista ay higit na nakararami ang hindi nakakaunawa sa patakarang ipinatutupad ng kani-kanilang pamahalaan at ang patakaran sa pagpapalawak ay isinulong lamang ng iilang nakikinabang dito tulad ng mga pulitiko at mangangalakal.

Ang panahong sasakupin ng pag-aaral ay simula sa "Labanan sa Look ng Maynila" noong Mayo 1, 1898. Ang pangyayaring ito ang naging hudyat sa pagpasok ng Estados Unidos sa pangkat ng mga Makapangyarihang Bansa. Ang pangyayari ring ito ang maituturing na pagsisimula ng pagkakaroon ng matinding interes ng mga Imperyalistang Europeo sa mga kaganapan sa Rebolusyong Pilipino. Magwawakas ang pag-aaral ng Abril, 1902 matapos ang pagsuko ni Hen. Miguel Malvar, ang maituturing na pagwawakas na rin ng Digmaang Pilipino-Amerikano.

## Ang Labanan Sa Look ng Maynila: Ang Pagsisimula ng Aktibong Pakikisangkot ng mga Kapangyarihang Europeo sa Rebolusyong Pilipino

Sa konteksto ng imperyalismo, ang ikalawang yugto ng Rebolusyonaryong Pilipino ay nagsisimula sa pagpasok ng Estados Unidos sa eksena at ito'y matutukoy na nag-umpisa sa panahon ng maganap ang "Labanan sa Look ng Maynila" noong Mayo 1, 1898. Sa nasabing labanan, inilampaso ng mga makabagong barkong pandigma (mga gawa sa bakal) ng Estados Unidos ang mga makaluma ng (mga yari sa kahoy) mga barkong pandigma ng Espanya. Ang nasabing tagumpay ng mga plotang Amerikano sa pangunguna ni Komodor George Dewey sa Look ng Maynila ay ang itinuturing na kauna-unahang pinakamalaking labanan sa karagatan na pinagtagumpay ng Estados Unidos. Ang tagumpay na ito ng mga Amerikano ay naging napakalaking balita hindi lamang sa Amerika kundi maging sa buong mundo na nagbigay daan upang malipat ang atensyon at interes ng daigdig lalu na ang mga makapangyarihang bansa mula sa Cuba patungo sa Pilipinas. Ang tagumpay ng Estados Unidos sa Labanan sa Look ng Maynila ang naging hudyat rin sa pagpasok ng Amerika sa pangkat ng mga makapangyarihang bansa sa mundo (world powers), na may pagkilala at paggalang ng mga kapwa imperyalista bunga ng kakayahang militar o pandagat nito. Ang pagpasok ding ito ng Estados Unidos sa pagpapalawak ay nagbigay daan upang higit na maging kumplikado ang pulitika ng imperyalismo at ng mundo.

Sa pagpasok ng Estados Unidos sa isyu ng Rebolusyong Pilipino, ito ang nagbigay daan upang magkaroon ng higit na aktibong partisipasyon ang mga bansang imperyalistang Europeo. Kung sa unang yugto ng rebolusyon ay ang Inglatera lamang ang halos nakapansin at nagkaroon ng paninindigan at pakikisangkot sa mga kaganapan sa Pilipinas, pagpasok ng Estados Unidos sa eksena, ang halos lahat ng mga makapangyarihang bansa sa pangunguna ng Alemanya ay nagkaroon na rin ng interes ng pakikisangkot at partisipasyon.

Ang pagiging interesado ng mga bansang makapangyarihan/ imperyalista sa pagpasok ng Estados Unidos sa isyu ng Pilipinas ay

bunga ng kadahilanan na ang nasabing pangyayari ay maaring sumira ng balanse ng kapangyarihan o *equilibrium* ng mga bansa sa mundo. Kapuna-puna sa mga nasabing imperyalista, ang pangunahing magkatunggaling Inglatera at Alemanya ang magkakaroon ng aktibong pakikisangkot. Kapwa bansa ay may lihim na pagnanasang sakupin o makabahagi man lamang sa Pilipinas ngunit ang pinakamasidhing layunin ng dalawa ay huwag mapasakamay ng alinman sa kanila ang Pilipinas.

Kung susuriin ang mga naging pahayag at mga dokumento, matapos ang Labanan sa Look ng Maynila noong Mayo 1, 1898 hanggang noong huling linggo ng Oktubre 1898 ng hilingin ng mga komisyonado ng Estados Unidos sa Paris ang aneksasyon ng Pilipinas, wala pang opisyal na paninindigan o posisyon ang Pamahalaang Amerikano kung ano ang gagawin nito sa Pilipinas. Bunga nito, maraming mga opinyon, at di-opisyal na paninindigan ang kumalat hinggil sa magiging kinabukasan ng Pilipinas. Kadalasan ang ilang habilin at pahayag ng ilang mga opisyal na Amerikano ang tila lumalabas na opisyal na paninindigan ng Pamahalaan ngunit kung tutuusin ang mga ito ay pinagpipilian (options) lamang.

Ang iba't-ibang haka-haka at balita na kumakalat sa maaring maging kapalaran ng Pilipinas bago ang pagpapatibay ng Kasunduan sa Paris ay nagbunga ng matinding pag-aagam-agam at pagaalala sa panig ng mga bansang makapangyarihang Europeo lalu na ang mga may malalaking interes sa Asya-Pasipiko at maging sa Pilipinas. Sa mga magkakaribal na bansa, napakalaking isyu ang kahihinatnan ng Pilipinas.

Bunga ng nasabing kawalang-linaw ng magiging kapalaran ng Pilipinas at upang mapangalagaan ang kani-kanilang interes, ang mga nasabing makapangyarihang bansa ay nagpadala ng mga barkong pandigma sa Maynila. Ang pananatili ng mga nasabing barko sa Look ng Maynila ay nagpapahiwatig ng kani-kanilang lakas o kapangyarihang militar at interes sa isyu ng Pilipinas. Ang unang dayuhang barkong pandigma na dumating sa Maynila matapos ang Labanan sa Look ng Maynila ay ang *gunboat* ng mga Ingles na *Linnet* noong Mayo 2. Ito ay sinundan naman ng

sasakyang pandagat ng iba pang mga bansa ng mga sumunod na araw: ang *Bruix* ng Pransya (Mayo 5), ang *Immortalite* ng Inglatera (Mayo 7), ang *Irene* ng Alemanya (Mayo 6) at muli isa pang barkong Aleman, ang *Cormoran* (Mayo 9). Ayon sa ulat ni Dewey noong Hunyo 27, ang kabuuang bilang ng mga dayuhang barkong pandigma sa Maynila ay binubuo ng limang Aleman (maliban sa naunang dalawa ang iba pa ang *Kaiserin-Agusta, Kaiser* at *Prinz-Wilhelm*), tatlong Ingles, isang Pranses at isang Hapon (ang *Akitsushima*).[3]

Samantala, sa ulat ng pansamantalang konsul ng Pransya sa Pilipinas na si Menant noong Mayo 12, 1898 binabanggit nito ang pagdating pa ng isang barkong Italiano (ang *Marco Polo*) at ng tatlong barkong pandigmang Ruso.[4]

At sa ulat naman ng bagong konsul ng Pransya na si G. de Berard noong Setyembre 3, 1898, binabanggit nito na tanging ang mga barkong *Immortality* at *Pigmy* ng Inglatera at *Kaiserin Agusta* ng Alemanya ang natitirang nakadaong sa Maynila.[5]

## Ang Naging Paninindigan at Pagkilos ng Inglatera sa Ikalawang Yugto ng Rebolusyong Pilipino

Nang opisyal na magsimula ang digmaan sa pagitan ng Espanya at Estados Unidos, ang Inglatera ay kaagad nagpalabas ng paninindigan na *walang kinikilingan* (neutrality). At nang dumako na sa Silangan partikular sa Pilipinas ang lugar ng labanan sa pagitan ng Espanya at Estados Unidos, ang Pamahalaang Ingles ay kaagad nagpalabas ng liham-pabatid (memorandum) sa mga konsulado ng Espanya at Estados Unidos sa Asya na nagbabawal gamitin ang kanyang mga kolonya bilang lunsaran ng mga kagamitan na gagamitin sa pakikidigma ng dalawang bansa. Ang isang halimbawa ng nasabing paalala o kautusan ay ang ipinadala ng Inspektor-Heneral ng Adwana (Customs) E.B. Drew ng Canton Tsina sa konsul-heneral ng Espanya sa Shanghai noong Mayo 23, 1898. Narito ang bahagi ng nasabing paalala:

> *I hereby give notice that as a state of war exists between Spain and the U.S.A. Since the 21st April, supplies for either party must neither leave Chinese ports nor be furnished by Chinese subjects.*[6]

Maliban sa Espanya at Estados Unidos, bilang isang bansang *walang kinikilingan*, ipinagbawal din ng Inglatera na gawing lunsaran ng mga armas at bala ng mga rebolusyonaryong Pilipino ang kanyang mga kolonya. Isang halimbawa ng pagpapakita ng paninindigang ito ay ang pagliham ng konsul-heneral ng Espanya sa Hong Kong na si Jose Navarro sa Mayor-Heneral (Major-General) William Black noong Mayo 28, 1898 upang hilinging ipagbawal ang paglisan sa Hong Kong ng barkong *Zafiro* na naglalaman ng mga armas at amyunisyon at ilang rebeldeng patungo sa Pilipinas.[7]

At noong Hunyo 14, 1898, isa na namang liham ang ipinadala ni Konsul Navarro kay Mayor-Heneral Black upang muling hilingin na huwag pabayaang makaalis patungong Pilipinas ang barkong *Kwonghai*, isang barkong Ingles na nabili ng mga rebolusyonaryong Pilipino.[8]

Dapat tandaan, na ang mga repormista at mga rebolusyonaryo sa Asya kasama na ang mga Pilipinong tapon na naninirahan sa mga kolonya ng mga Ingles tulad ng Hong Kong ay kinupkop at pinangalagaan din nito. Ang mga nasabing Pilipino ay malayang nakakakilos basta't hindi lamang sila lumalabag sa mga batas at patakaran ng Inglatera na *walang kinikilingan*. Ang ibig sabihin nito, maayos na makapapamuhay ang sinuman sa Hong Kong (rebolusyonaryo, rebelde o repormista man sa kani-kanilang bansa) at walang aalalahaning panggigipit na mula sa mga maykapangyarihan basta't huwag lamang nilang gagamitin ang Hong Kong at iba pang kolonya ng mga Ingles bilang lunsaran ng mga gawaing rebolusyonaryo sa kani-kanilang bansa tulad ng pagpapadala ng armas at bala.

Ngunit sinasabi din ng ilan na ang patakarang *walang kinikilingan* ng Inglatera ay panlabas lamang. Kalaunan bunga ng konsiderasyon sa kanyang pansariling interes ay tahasan itong pumanig sa Estados Unidos at palihim na magkakaloob ng tulong sa kabila ng kanyang patakarang walang kinikilingan. Samantala, sa panig ng Espanya ay mahigpit nitong pinatutupad ang patakarang hindi dapat gamitin kapwa ng dalawang bansa

ang kanyang mga kolonya (bilang lunsaran sa pakikidigma ng mga ito). Isang halimbawa ng ganitong pagkiling ng Inglatera sa Estados Unidos ay ang pagpayag nito na makapaglulan ng mga uling si Admiral Dewey sa Hong Kong bago tumulak ito patungo sa Maynila.[9]

Samantala, naging maluwag na rin ang Pamahalaang Ingles sa Hong Kong sa pagbibigay ng kalayaan sa mga Amerikano na magpadala ng mga telegrama mula sa Hong Kong na may kaugnayan sa pakikidigma nito sa Espanya at mga Pilipino. Samantala, may mga balita rin na ang Estados Unidos ay kinuha ang serbisyo ng mga sundalong Ingles sa pakikidigma nito sa Espanya sa Pilipinas. Dahil dito, naging wastong-wasto *(perfect)* ang naging pamamaraan at pagkilos sa pakikidigma ng mga Amerikano sa Cavite sa kabila ng kawalan nito ng karanasan sa pakikidigma sa karagatan.[10]

Bilang pagpapakita pa rin ng pagtutulungan at kooperasyon ng mga Ingles at mga Amerikano sa Digmaang Kastila-Amerikano, bago pa man magsimula ang opisyal na deklarasyon ng digmaan sa pagitan ng dalawang bansa noong Abril 24,1898, noon pa lamang Abril 7, ay nakatanggap na ng telegrama ang konsul ng Inglatera sa Maynila na si Edward Henry Rawson-Walker, mula sa Ministro ng Ugnayang Panlabas na si Salisbury na nag-uutos dito na pamahalaan ang konsulado ng Estados Unidos sa Pilipinas kung ito ay hihilingin ngunit ito ay dapat may pahintulot ng mga maykapangyarihang Kastila sa Maynila Sa kabila ng panganib, napilitang tanggapin ng konsul ang nasabing kautusan dahil ito ay nagmumula sa mga maykapangyarihan sa Inglatera.

Kung susuriin ang mga pangyayari, bago ang ganap na pagsuporta ng Inglatera sa pananakop ng Estados Unidos sa Pilipinas, dalawa ang naging pinagpipiliang paninindigan ng Inglatera para sa Pilipinas: 1) bilhin ang Pilipinas mula sa Estados Unidos upang mapangalagaan ang kanyang mga kalakal at negosyo at iba pa nitong interes; at 2) pigilan ang Alemanya na mapasakamay ang Pilipinas.

Kung magbabalik tanaw sa unang yugto ng Rebolusyong Pilipino laban Espanya, ang naging panlabas na paninindigan ng

Inglatera ay walang kinikilingan ngunit mapupuna na ito ay higit pa ring pumapabor na ang Pilipinas ay manatiling kolonya ng Espanya dahil sa ilalim ng mga Kastila, ang mga Ingles ang naging pinakaimpluwensyal at pinakamayamang pinunong pangkomersyo sa Maynila. Sa katunayan ang mga Ingles ay nakontrol ang 80 porsyento ng kabuuang kalakal ng Pilipinas noong 1897.[11]

Ngunit matapos ang labanan sa pagitan ng Espanya at Estados Unidos sa Pilipinas, ang Inglatera ay nagbalak na alukin ang Estados Unidos na bilhin na lamang ang Pilipinas. Ngunit ang nasabing plano ng Inglatera na bilhin ang Pilipinas ay hindi naipagpatuloy sa dahilan na lubhang napakalaki na ng sakop na teritoryo ng Inglatera sa buong daigdig na maaring magbunga ng paghina at pagbagsak sa sentro ng kapangyarihan nito (Inglatera mismo).[12]

Bunga ng kawalan ng Inglatera ng kakayahan pang dagdagan ang kanyang mga teritoryo at kolonya, ang naging pangunahing direksyon na lamang ng paninindigan ng Inglatera hinggil sa Pilipinas ay ang mahadlangan itong mapasakamay ng kanyang pangunahing karibal na Alemanya. Dalawa ang kumakalat na alingasngas ukol sa maaring kahinatnan ng Pilipinas na maaring pinagpipiliang paninindigan ng Inglatera: 1) ang pananatili ng Pilipinas sa Espanya; at 2) ang pagsakop ng Estados Unidos.

Sa pananatili ng Pilipinas sa Espanya maituturing na wala namang problema rito ang Inglatera dahil mabuti naman ang naging pamamalakad ng Espanya kung ang pagbabatayan ay ang pangangalaga sa mga interes nito, ngunit ang pangunahing pinangangambahan ng Inglatera sa pangyayaring ito ay lubhang napakahina ng Espanya at napakadali na lamang para sa isang bansang may matinding pagnanasa sa Pilipinas tulad ng Alemanya upang agawin ito sa Espanya. Dahil dito, ang pananatili ng Pilipinas sa Espanya ay hindi kasiguruhan na ang Pilipinas ay hindi mapapasakamay ng kanyang mortal na kaaway sa hinaharap. Ang matinding inggit ng Inglatera sa Alemanya bunga ng kanilang kompetisyon ay inilarawan ni Moisch sa isang pangyayari sa Look ng Maynila noong Hunyo 29, 1898:

> *Britain's pride and jealousy are evident. Ever since they were informed of the Germans have surpassed them. On June 25, after the arrival of the Cruise "Iphigenie" the cruiser "Plover" arrived, followed by three other gunboats. Two days later, the Pigmy came, followed by the six others. This is the British position: when the need arises, they have four or six different battleships ready; Their naval units have an excellent system which gives them the discretion to anchor the impression of a force more superior than it actually is...*[13]

Sa hangarin ng Inglatera na mapigil na masakop ng Alemanya ang Pilipinas, ang tanging natitirang pagpipilian nito ay ang paghikayat sa Estados Unidos at kalaunan ay pagsuporta sa pananakop nito sa Pilipinas. Bilang pinakamakapangyarihang bansa sa mundo, ang hayagang pagsuporta ng Inglatera sa Estados Unidos ang nagbigay ng sapat na lakas ng loob dito upang ganap ng desisyunang sakupin ang Pilipinas at bumuo rin ito ng impresyon sa iba pang makapangyarihang bansa sa mundo na huwag ng mag-interes pa o makialam sa magiging kinabukasan ng Pilipinas.

Dapat tandaan na ang pagsuporta ng Inglatera sa pananakop ng Estados Unidos sa Pilipinas ay hindi nangangahulugan ng pagkakawanggawa sa panig nito kundi naglalayon lamang na higit na maisulong ang kanyang mga interes hindi lamang sa Pilipinas kundi maging hanggang sa buong Asya-Pasipiko at maging sa buong mundo. Ang matinding pagkatakot ng Inglatera na mapasakamay ng Alemanya ang Pilipinas ay bunga ng ayaw nitong magkaroon ng isang kapitbahay na imperyalista. Para sa Inglatera, napakalaking banta sa kanyang interes at dominasyon sa Asya kung mapapalapit sa kanyang teritoryo ang Alemanya. Nilalayon din ng pagtulong ng Inglatera sa Estados Unidos na makabuo ng alyansa o pagtutulungan sa pagitan ng dalawang bansa na sisiguro na makokontrol nito ang daloy ng kalakal sa buong mundo.[14] Samantala, ang pagpili ng Inglatera sa Estados Unidos kaysa ibang bansa bilang kaalyado sa pulitika ng imperyalismo ay malinaw na ipinaliwanag sa isang pagsusuri ng *London Spectator*:

> *It would be a relief if another English-speaking power would take up a portion of our task, and in taking it perform the duty of repaying something to the world which yields*

> *her such advantages. The weary "Titan," in fact, needs an ally while traversing "the too vast orb of his fate," and the only ally whose aspirations, ideas, and language are like his own is the great American people. The Frenchmen is too flickle, the Russian too full of guile, and the German too harsh in his treatment of all who do not think that to be drilled is the first, if not the only duty of man.*[15]

Sa pagpapanig ng Inglatera sa Estados Unidos laban sa isang kapwa Europeo, ganap ng nabasag o nawasak ang pagkakaisang moral *(moral unity)* ng Europa at nagwalay sa Inglatera sa magiging daloy ng pulitika ng mundo, ng mga bansang makapangyarihan at imperyalismo.

## ANG NAGING PANININDIGAN AT PAGKILOS NG ALEMANYA SA IKALAWANG YUGTO NG REBOLUSYON PILIPINO

Matapos ang pagbasak ni Otto Von Bismarck sa kapangyarihan bilang tsanselor, ang Alemanya sa pangunguna ng Emperor Wilhelm II ay nagpatupad ng opisyal na paninindigan ng pagpapalawak sa ibang lupain. Sa pagsasakatuparan nito, ang Alemanya ay nagpatupad ng napakaambisyosong plano sa pagpapalakas at modernisasyon ng kanyang hukbong dagat. Bunga ng tila huling pagpasok nito sa kolonisasyon, ang nasabing paghahanda ay naglalayong maging pangunahing bansang pandagat ang Alemanya sa ika-20 siglo.

Ang naging paninindigan at pagkilos ng Alemanya sa ikalawang yugto ng Rebolusyong Pilipino ay nakaangkla sa pangkalahatang interes nito sa Asya-Pasipiko. Ang Alemanya sa huling bahagi ng ika-19 na dantaon ay tulad ng isang mabangis na tigre o leon sa gitna ng Karagatang Pasipiko na tila gutom na gutom sa paghahanap ng mabibiktima. Ang Alemanya sa Asya Pasipiko ng mga panahong iyon ay naghahanap ng mapagkukunan ng hilaw na sangkap at mapagbebentahan ng mga produkto nito at pangalawa ang mapagtatayuan ng isang base ng mga sasakyang pandagat (naval bases) na mapagkakanlungan ng mga plotang Aleman sa Asya.

Ang muling pagsisimula ng Rebolusyong Pilipino laban sa Espanya ay tiningnan ng Alemanya bilang isang pagkakataon upang maisulong ang kanyang interes o hangarin sa Asya-Pasipiko. Ang unang pagkakataong napansin ng Alemanya ang

Pilipinas sa pagsusulong ng kanyang interes ay noong Marso 1898 na kung saan si Prinsipe Henry ng Prussia na noon ay nagsisilbing kumander ng Eskwadrang Aleman sa Asya matapos dumaong sa Hong Kong sakay ng barkong pandigmang Deutschland ay nagpahatid ng isang kablegrama sa Kaiser na nagsasaad ng ganito:

> *The Philippines have decided upon revolt against Spain and would gladly place themselves under the protection of a European power, especially Germany.*[16]

Ngunit matapos ang Labanan sa Look ng Maynila noong Mayo 1, 1898, ang Alemanya, Inglatera, Pransya at Hapon ay nagpadala ng mga puwersang pandagat dito sa Maynila upang mapangalagaan ang mga interes at mga mamamayan nito sa Pilipinas. Ngunit sa panig ng Alemanya, hindi ito ang pangunahing dahilan kung hindi ang maisulong ang kanyang ambisyon sa Silangan.[17]

Matapos ang tagumpay ni Dewey sa Labanan sa Look ng Maynila, si Bise Admiral Otto Von Diederichs, ang kumander ng Eskwadrang Aleman sa Silangan ay inutusan kaagad na magpadala ng mga barkong pandigma sa Maynila upang protektahan daw ang mga interes ng Alemanya sa Pilipinas na sa katotohanan ay napakaliit. Ayon sa mga pahayagang Ingles, ang mga kompanyang Aleman sa Maynila ay hindi naman talaga mga kompanyang Aleman kundi pag-aari ng mga Swiso. Dapat tandaan, noong mga panahong iyon (1896-1898), ang 70 porsiyento ng mga produktong inaangkat ng Pilipinas ay kontrolado ng mga Ingles at ang pagluluwas naman ng asukal, abaka at kopra ay kontrolado nito ang 80 porsyento. Samakatuwid, kung ang pagbabatayan ng pagpapadala ng puwersang Aleman sa Maynila ay upang mapangalagaan ang kanyang interes sa Pilipinas ang dahilan na ito ay tila yata kaduda-duda. Pagsapit ng Hunyo 2, 1898, si Admiral Otto Von Diederichs ay inutusang magtungo sa Pilipinas upang imbestigahan ang kalagayan ng pamunuang Espanyol, ang aktitud ng mga Pilipino at mga intensyon o hangarin ng mga dayuhan.[18] At matapos ang nasabing imbestigasyon, ang sumunod na buwan ang Kalihim ng Ugnayang Panlabas na si Von Bullow ay lumiham sa embahador ng Alemanya sa Washington upang

ipabatid ang paninindigan ng Kaiser sa Silangang Asya. Narito ang bahagi ng nasabing liham:

> *His Majesty, the Emperor, deems it a principal object of German policy to leave unused no opportunity which may arise from the Spanish-American War to obtain naval fulcra in East Asia...*[19]

Matapos mapayuhan ni Von Bulow ang Kaiser na ang pamumuno (command) sa karagatan ng Malayong Silangan ay mapapasakamay ng alinmang kapangyarihan na makakakontrol sa Pilipinas, ang Emperador Wilhelm II ay nagpahayag ng paninindigan na ang buong kapuluan ay hind dapat mailipat ng Espanya sa isang bagong kapangyarihan hangga't hindi nakakakuha ang Alemanya ng anumang kompensasyon.[20] Makalipas lamang ang ilang panahon, ang Alemanya ay mayroon nang Eskwadra sa Maynila na halos kasinglaki ng kay Dewey, at mga sundalo o marino na mas marami pa kaysa sa lahat ng mga Aleman sa buong kapuluan na sinasabing dapat nilang protektahan. Noong huling linggo ng Hunyo 1898, ang Alemanya ay may limang barkong pandigma sa Maynila at ito'y binubuo ng *Deutschland, Darmstadt, Kaiserin Augusta, Kaiser* at *Princess Wilhelm* at ang mga ito'y naglalaman ng 1,400 marino. Kapuna-puna na sadyang nagpapalakas ng kanyang puwersa sa Silangan ang Alemanya dahil kadalasan dalawang barko lamang ang kanyang ipinadadaong ng sabay sa Maynila bago ang mga kaganapan sa Pilipinas[21]

Ang mga nasabing ambisyon ng Alemanya ay hindi naging lingid sa kaalaman ng Estados Unidos. Ito ay nagresulta ng iringan sa pagitan ng dalawang bansa. Noong tag-init ng 1898 ang relasyon sa pagitan ng Estados Unidos at Alemanya ay masyado ng lumalala nang ang isang opisyal na Amerikano na si John Hay ay lumiham kay Senador Lodge, isa sa mga masugid na tagapagtaguyod ng imperyalismo, na nagsasabing ang mga Aleman ay isang kaaway. Sa nasabing liham ay binabanggit ang matinding interes ng Alemanya na masakop ang Pilipinas, Carolinas at Samoa.[22]

Ang nasabing obserbasyon ni John Hay ay maituturing na may matibay na batayan bunga ng mga kumakalat na bulong-

bulungan at mga balita noong mga panahong iyon at sa naging mga pagkilos ng Alemanya kalaunan. Isa sa malakas na balitang kumakalat ay ang paghingi ng tulong ng Espanya, sa Alemanya, Rusya, Pransya at iba pang kapangyarihang Europeo laban sa pakikidigma nito sa Estados Unidos. Sa mga bansang Europeo, ang nagkaroon ng matinding simpatiya at kahandaang tumulong ay ang Alemanya. At bunga nito ang Espanya at Alemanya ay nagkaroon ng mabuting pag-uugnayan na nagresulta ng balitang nagplano ang Espanya na ipagbili ang Pilipinas sa Alemanya. Ang mabuting pag-uugnayang ito ng Alemanya at Espanya kasama na ang pakikipag-usap ng mga ito kay Aguinaldo ay naiulat rin ni Rounseville Wildman kay Kalihim Moore noong Hulyo 18, 1898.[23]

Ayon kay Lt. Aime Moisch, ang mga Espanyol sa Pilipinas ay patuloy na umaasa na darating ang mga puwersang Aleman sa Pilipinas. Hindi upang tulungan ang Espanya laban sa Estados Unidos at kay Aguinaldo kundi ang sadya ng pagdating ng barkong pandigmang Aleman sa Pilipinas ay upang mapangalagaan ang kanyang malawak na interes sa buong kapuluan.[24]

Samantala, noong Nobyembre 10, 1898, isang liham ang ipinadala ni Howard Bray kay Aguinaldo na nagpapaalala sa paglapit o pag-iintriga ng Espanya sa Alemanya at ang tunay na motibo at hangarin ng Alemanya sa usapin ng Pilipinas.[25]

Ang mga pagkilos ng plotang Aleman matapos ang Labanan sa Look ng Maynila noong Mayo 1, 1898 ay magpapahiwatig sa tunay na interes ng Alemanya sa Pilipinas na nagdulot naman ng matinding pagaagam-agam, takot at pagkainis sa mga puwersang Amerikano sa pangunguna ni Admiral George Dewey. Sa pananaw ng mga sundalong Amerikano sa pangunguna ni Dewey, ang pagkakaroon ng napakalaking puwersang Aleman (limang barkong pandigma at 14,000 marino) sa Pilipinas ay "hindi naglalayong protektahan ang mga interes ng Alemanya kundi maghanap ng bagong interes na proprotektahan".[26]

Matapos ang Labanan sa Look ng Maynila, ang puwersang Amerikano ay nagsagawa ng pagkulong o pagsara (blockade)

sa mga daungan ng Maynila. Ngunit sa lahat ng mga bansang dumadaong sa Maynila, ang tanging bansa na ayaw kumilala sa mga alituntunin ng pagsara at tila hinahamon pa ang kapangyarihan at lakas ng Estados Unidos ay ang Alemanya. Maraming pagkakataon na ang mga puwersang Aleman ay tila nang-aasar o nagsasagawa ng probokasyon sa mga puwersang Amerikano at naglalayong magpasimula ng digmaan. Ang isang halimbawa nito ay ang pagbabalewala ng barkong panlayag (cruiser) na *Irene* sa puwersa ng Estados Unidos bilang bansang nagsasara (blockading nation) ng dumating ito sa Maynila noong Mayo 6. Ayon sa batas pandaigdigan, ang mga barkong pandagat ng mga bansang walang kinikilingan ay maari lamang makadaong sa pamamagitan ng pagsang-ayon at pahintulot ng bansang nagsasara.

Samantala, isa pang pagkakataon noong Mayo 9 ang naganap ng isa pang barkong panlayag ng Alemanya, ang *Cormoran,* ang walang pakundangang pumasok ng tuloy-tuloy sa Look ng Maynila sa kabila ng magandang pakiusap ng mga puwersang Amerikano na masiyasat ang nasabing barko. Bunga nito, napilitan si Admiral Dewey na iutos na paputukan ang nasabing barko upang ganap ng pumayag ang kapitan ng barkong Aleman na magpasiyasat.

Ang pang-aasar o panghahamon ng mga Aleman sa mga Amerikano sa Maynila ay lalo pang pinatindi sa ilang mga pagkilos na nagpapahiwatig ng pagkiling sa mga Espanyol. Ang isang halimbawa nito ay ang opisyal na pagbisita ni Admiral Von Diederichs sa kanyang kaibigan na si Gobernador-Heneral Basilio Agustin sa Maynila na sinusuklian naman ng pagdalaw ng nasabing gobernador-heneral sa barkong *Kaiserin Augusta* na nakadaong sa Look ng Maynila. Kabaligtaran sa asal ng mga puwersang Aleman sa mga puwersang Amerikano, sinasaluduhan ng mga iskwadrang Aleman ang gobernador-heneral at iba pang opisyal na Espanyol sa tuwing ang mga ito'y dadalaw sa nasabing barko. Maliban pa rito, ang mga barkong Aleman ang nagdadala ng mga suplay ng pagkain at damit sa mga Espanyol sa Maynila at ang nasabing aksyon ay malinaw na paglabag sa patakarang walang kinikilingan ng bansang Alemanya.[27] Samantala, matapos mapunta ang Maynila sa mga puwersang

Amerikano, si Gobernador-Heneral Basilio San Agustin ay sinasabing nagkanlong sa mga barkong Aleman upang hindi madakip ng mga Amerikano.

Ang pinakamatinding pangyayari na magpapakita ng mabuting pag-uugnayan sa pagitan ng mga Aleman at Espanyol sa Pilipinas ay ng hadlangan ng barkong Alemang *Irene* ang mga rebolusyonaryong Pilipino sa pangunguna ni Aguinaldo na salakayin at agawin ang isang *garison* o kampamentong Kastila sa Isla Grande, isang pulo na malapit sa Subic. Dahil sa ang patakaran ng Amerika ay maisulong ang anumang pagkilos na magpapahina sa puwersang Kastila kaagad ipinag-utos ni Dewey na magtungo sa Subic ang mga barkong pandigmang *Raleigh* at *Concord* upang mapigilan at mawakasan ang anumang tangkang pagtulong ng Alemanya sa mga Kastila.[28]

Ang nasabing pang-iinis ng Alemanya sa mga puwersang Amerikano sa Look ng Maynila ay nagresulta sa kritikal na sitwasyon. Ang anumang digmaan ay naiwasan sa pagitan ng Estados Unidos at Alemanya na bunga ng pagpanig ng mga puwersang Ingles sa pangunguna ng kumander ng *British Flagship* na *Immortalite* na si Kapitan Chichester sa mga Amerikano. Sa katunayan, ang mga puwersang Ingles sa pangunguna ni Kapitan Chichester ay nagsilbing espiya ng Estados Unidos sa mga pagkilos ng mga puwersang Aleman sa Look ng Mayila tulad ng pagsusumbong ng mga ito kay Dewey sa pagdating ng Prinsipe von Lowenstein ng Departamento ng Paniniktik (Intelligence Department) ng Alemanya sa Maynila matapos magkanlong ang nasabing opisyal sa mga barkong Ingles bunga ng isang malakas na bagyo.[29] Ang pagpanig ding ito ng mga Ingles sa Estados Unidos ang nagbigay ng lakas ng loob at tapang kay Dewey upang hamunin ang mga Aleman na magsimula ng labanan.[30]

Ang kawalang linaw o direksyon ng pagkilos ng mga puwersang Aleman sa Maynila ay bunga ng di-matiyak na plano o hangarin ng Pamahalaan sa Alemanya hinggil sa usapin ng Pilipinas. Sa katunayan, may tatlong pinagpipiliang plano ang Emperador at ang Tanggapan ng Ugnayang Panlabas ng Alemanya at ang mga ito ay ang mga sumusunod:[31]

1) gawin ang Pilipinas na isang monarkiya na nasa ilalim ng Haring Aleman;

2) paghati-hatian ang Pilipinas sa pagitan ng mga makapangyarihang bansang pandagat; at,

3) masiguro na walang kakampihan ang Unang Republika ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagsasailalim nito sa makapangyarihang bansang pandagat sa mundo.

Ang planong ipasailalim sa monarkiyang Aleman ang Pilipinas ay mula sa panukala ni Hernn Kruger, ang konsul ng Alemanya sa Maynila. Ang nasabing panukala ni Kruger ay hindi nagtagumpay dahil ito ay hindi sinang-ayunan ng Kalihim ng Ugnayang Panlabas na si Von Bulow. Ang di-pagsang-ayon nito sa nasabing panukala ay bunga ng dalawang konsiderasyon: 1) ang una ay hindi siya naniniwala na ang mga Pilipino ay nais mapasailalim sa isang proteksyon ng alinmang bansang makapangyarihan at ang mga ito ay nakahandang ipaglaban ang pagtatatag ng isang malayang estado; at, 2) hindi rin papayag ang iba pang mga bansang makapangyarihan tulad ng Inglatera na ang Pilipinas ay mapasailalim sa isang Hari o Prinsipeng Aleman.

Bunga ng inaasahang matinding oposisyon ng mga Pilipino sa iba pang mga makapangyarihang bansa kung isasakatuparan ang naunang balakin, iminungkahi ni Von Bulow na paghati-hatian na lamang ng mga makapangyarihang bansang pandagat (world sea powers) ang Pilipinas. Ayon kay Von Bulow, ang pagkakaroon ng isang kasunduan sa pagitan ng isa o higit pang kapangyarihang pandagat ay higit na makabubuti sa plano ng Alemanya sa Pilipinas. Matibay ang paniniwala ni Von Bulow na tanging ang isang malakas at makapangyarihang bansa sa karagatan, ang maaari lamang makapagpanatili sa Pilipinas. At kung mangunguna ang Alemanya sa nasabing inisyatibo, kinakailangan nitong makipagkasundo sa Inglatera at Estados Unidos, o kahit na tanging sa Inglatera lamang. Ang Pransya at Rusya ay hindi na isinaalang-alang pa ng Alemanya dahil ang mga ito ay hindi naman banta bagama't ang dalawang naturang bansa ay kaalyado nito. Ang kakayahang pandagat ng mga ito ay walang sinabi kung ikukumpara sa pinagsamang lakas ng Inglatera at Estados Unidos.[32]

Ang pangalawang balaking ito ng Alemanya ay walang kinahinatnan dahil wala ni isang bansang makapangyarihan ang nakuha nitong makiisa sa kanyang balakin. Naging tumpak ang pagsusuri ni Von Bulow na ang Pilipinas ay mapapasakamay lamang ng isang kapangyarihang pandagat sa tulong ng isa pang kapangyarihang pandagat. Ang Pilipinas ay ipinasyang sakupin ng Estados Unidos (isang kapanyarihang pandagat) bunga ng ipinagkaloob na tulong at suporta ng Inglatera (isa pang kapangyarihang pandagat).

Ang naging mga pagkilos ng mga puwersang Aleman sa Look ng Maynila, maliban sa dating paligsahan ng Alemanya at Inglatera, bilang mga nangunguna o naghaharing kapangyarihan sa mundo, ang maituturing na dahilan ng pagkabigo ng planong paghati-hatian ang Pilipinas sa pagitan ng mga kapangyarihang pandagat sa pangunguna ng Alemanya. Ang pagpapadala ng napakalaking puwersang pandagat matapos ang Labanan sa Look ng Maynila ay nagbigay daan upang mangamba at magduda ang Inglatera sa tunay na motibo ng Alemanya sa Pilipinas at ito ay tinuring ng Inglatera bilang isang hamon at banta sa kanyang interes na mamayani sa Asya-Pasipiko. Samakatuwid, ang mga pagkilos na ito ng mga puwersang Aleman sa Look ng Maynila ang nagbigay daan upang tuluyang lumayo ang kalooban ng Inglatera sa Alemanya na nagresulta naman sa kabiguang makuha nito ang pakikiisa ng nasabing bansa na paghahatian na lamang nila ang (kapangyarihang pandagat) ang Pilipinas.

Samantala, sa panig ng Estados Unidos, ang napakalaking puwersang Aleman sa Look ng Maynila at ang kawalang-galang ng mga ito matapos ang pagkubkob *(blockade)* ng Maynila ng mga puwersang Amerikano ay nagresulta rin ng pagdududa ng mga ito sa tunay na motibo at hangarin ng Alemanya sa Pilipinas. Ang nasabing mga pagkilos ng mga puwersang Aleman ay nagresulta ng pagkawala ng tiwala, pagdududa at higit sa lahat ang pagturing ng mga Amerikano sa Alemanya bilang mga kaaway samantalang ng Inglatera (bunga ng pagtulong nito sa kanya) ay itinuring nitong tunay at tanging kaibigan. Sinasabing ang pagkakaibigang namagitan kina Dewey (ang kumander ng iskwadrang Amerikano) at Kapitan Chichester (ang kumander

ng iskwadrang Ingles) sa Look ng Maynila ay nagpasimula ng isang ganap at mahabang alyansa o pagtutulungan sa pagitan ng dalawang bansa. Samantala, ang nasabing pagsisimula ng pagkakaibigan ng Inglatera at Estados Unidos sa Look ng Maynila ay nagresulta naman ng kabiguan ng ikalawang balak ng Alemanya sa Pilipinas.[33]

Bunga ng kabiguan ni Von Bullow na maisakatuparan ang balakin na mapaghati-hatian ang Pilipinas ng mga kapangyarihang pandagat (Alemanya, Inglatera, at Estados Unidos), ito ay nagpasimula ng isang panibago at maituturing na huling plano ng Alemanya sa Pilipinas. Ang naturang balakin ay nakilala sa tawag na *Planong Neutralisasyon* (Neutralization Plan). Sa nasabing plano, ang Pilipinas ay pagkakalooban ng kalayaan ngunit dapat masiguro na wala itong kikilingan o papanigang bansa at ito'y masisiguro lamang sa pamamagitan ng paglalagay dito sa ilalim ng proteksyon o pagkalinga ng pinagsama-samang kapangyarihang pandagat.

Masasabing ang pangatlong planong ito, ang panghuling pag-asa ng Alemanya na hadlangan na mapasakamay ang Pilipinas ng Estados Unidos. Ito ang huling pag-asa ng Alemanya upang maisakatuparan ang naunang paninindigan ng Kaiser Wilhelm II na "hindi dapat mailipat sa kamay ng alinmang bansang makapangyarihan ang Pilipinas mula sa Espanya nang walang nakukuhang anumang kompensasyon o biyaya ang Alemanya."

Sa aking palagay, ang planong ito ng Alemanya ay naglalayong makakuha ng simpatiya sa mga bansa at mamamayan sa mundo sa panig ng Alemanya bunga ng pangunguna nito sa panawagang dapat kilalanin at ipagkaloob ang kalayaan ng Pilipinas at presyur naman sa panig ng Inglatera at Estados Unidos na talikuran ang balak na pagsakop sa Pilipinas. Sa madaling salita, maaring istratehiya pa rin ng Alemanya na higit na mabuti pang makitang malaya ang Pilipinas kaysa mapasakamay ng isang makapangyarihang bansa (Estados Unidos) na kaibigan at kaalyado naman ng pangunahing kariba] nitong Inglatera. Ayon naman kay Von Bulow, ang nasabing plano ay higit na makapubuti sa Alemanya dahil iniiwanan nitong bukas ang mga balak nito sa hinaharap na kung saan ang Alemanya ay maaring

higit ng makapangyarihan sa karagatan at maipagpapatuloy nito ang mga naunang balak sa Pilipinas sa tulong man o wala ng iba o alinmang bansang makapangyarihan.[34]

Ang nasabing tatlong lihim na plano ng Alemanya upang mapasailalim o mapasakamay ang Pilipinas ay walang kinahinatnan bunga ng masidhing determinasyon ng Estados Unidos na sakupin ang Pilipinas sa tulong at buong suporta ng Inglatera. Bunga nito, ang Alemanya ay kinakailangang magpalit ng taktika upang maisakatuparan ang pangkalahatang layunin niya sa Asya-Pasipiko. Sa pagsasakatuparan nito, kinakailangang makipagkasundong muli at makipagkaibigan sa mga Amerikano upang makuha ang pagsang-ayon nito sa hangarin ng Alemanya na makuha o mabili ang iba pang kolonya ng Espanya sa Asya tulad ng Carolinas, Palau, at iba pang pulo sa Pasipiko. Bilang hudyat ng panibagong istratehiya, ipinag-utos ni Von Bulow na lisanin na ni Admiral Diederichs ang Maynila. Ayon sa talaarawan ni Moisch ng Agosto 30, ang paglisang ito ni Diederichs ang nakapagpahupa sa kaba at nagpatahimik sa mga Amerikano sa Pilipinas.[35]

Ang pagbabago ng patakaran ng Alemanya bunga ng pakikipagkasundo sa Estados Unidos ay maituturing na nagresulta ng positibo sa pagsusulong ng interes ng Alemanya sa Asya-Pasipiko. Bunga ng pakikipagkaibigan at lantarang pagkampi sa panig ng Espanya ng Alemanya sa Digmaang Espanyol-Amerikano at sa Rebolusyong Pilipino, nagkaroon ng lihim na kasunduan sa pagitan ng dalawang bansa noong Setyembre 10 at Disyembre 10, 1898 na nagbunga kalaunan sa pagbili ng Alemanya ng Carolinas, Palau at mga isla ng Marianas maliban sa Guam. Sa kabilang dako, ganap nang kinalimutan ng Alemanya ang kanyang ambisyong angkinin ang mga isla ng Sulu, Canarie, at Fernando Po bilang kapalit ng pagkabenta ng mga isla. Marahil, bunga ng pagtalikod ng Alemanya sa Pilipinas hindi tumutol ang Estados Unidos sa pagpapatibay ng nasabing kasunduan. Dahil dito, ganap nang nawala ang interes ng Alemanya sa Pilipinas. Ang pagkakakuha nito ng mga isla ng Carolinas, Palau at Marianas ay tumugon pa rin sa pangkalahatang layunin at hangarin ng mga Aleman na

makapagtayo ng istasyon para sa hukbong dagat nito at imbakan ng uling *(coaling station)* sa Pasipiko.[36]

Matapos ang nasabing kasunduan, hindi pa rin ganap na nawala ang mga bali-balitang ambisyon ng Alemanya na sakupin ang Pilipinas. Upang payapain ang kalooban ng Estados Unidos at ng kaalyado nitong Inglatera, ang mga sugo at konsul ng Alemanya sa iba't-ibang bahagi ng mundo ay naging abala sa paglilinaw sa paninindigan ng Pamahalaang Alemanya sa isyu ng Pilipinas, na wala itong hangarin na sakupin ang Pilipinas kundi ang tanging interes lamang nito ay pawang pangkalakalan. Isang halimbawa ng ganitong pahayag ay ang kay Dr. Holleben, ang embahador ng Alemanya sa Washington na nailathala sa pahayagang *Daily Press* ng Australia noong Pebrero 2, 1899. Narito ang bahagi ng nasabing pahayag ayon sa ibinalita ng *Daily Press*:

> *Dr. Holleben the German ambassador at Washington has assured the United States government that the interests of Germany in the Philippine Islands, are exclusively commercial never dreamed of any territorial acquisition here.*[37]

**ANG NAGING PANININDIGAN AT PAGKILOS NG PRANSYA SA IKALAWANG YUGTO NG REBOLUSYONG PILIPINO**

Sa talaarawan ni Lt. Aime Everest Moisch noong Abril 28,1898, binabanggit nitong kaagad nagdeklara ng walang kinikilingan ang Pransya ilang araw pa lamang ang nakalipas matapos magpahayag ng digmaan ang Estados Unidos sa Espanya. Sa lahat ng mga bansang makapangyarihan Europeo, ang Pransya kasama ang Rusya ang maituturing na walang aktibong partisipasyon sa mga kaganapan sa Pilipinas. Maliban sa pagpapadala ng isang barkong pandigma, ang *Bruix,* matapos ang Labanan sa Look ng Maynila upang protektahan ang kanyang mga interes sa komersyo at mga mamamayan sa Pilipinas, wala ng maituturing pang kapansin- pansing pagkilos at gawain ang Pransya na maaaring ikabahala ng ibang makapangyarihang bansa. Ganito ang naging paglalarawan ni Lt. Moisch sa naging pagkilos ng Pransya sa Maynila noong Agosto 9, 1898:

> *I have to say that France has not played a role worthy of her during these past three months. It would have been*

> *for better for her not to have appeared in Manila Bay rather than present such as a patriotic position. The English have always providing assistance. The Germans are hated and feared. But France's presence has not been felt, since she neither assisted nor bothered anyone. She has been totally ignored, and this is the worst insult that could be dealt her.*[38]

Sinasabing bagama't ang Pransya ay nagdeklara ng opisyal na paninindigang walang kinikilingan, ang tunay na saloobin nito partikular ang mga mamamayan nito tulad rin ng ibang mga Europeo maliban sa mga Ingles ay nakapanig sa Espanya at higit itong umaasa na mapanatili ang Pilipinas sa kamay ng nasabing bansa.[39] Sa aking palagay, ang ganitong saloobin ng Pransya ay bunga ng higit ang hangarin nitong mapanatili ang paghahari ng Europa sa mundo. Maliban pa rito, ang nasabing saloobin ng Pransya ay resulta rin ng namamayaning paligsahan nito sa Inglatera, ang itinuturing nitong pangunahing karibal na pumanig sa Estados Unidos. Ang masasabing pangunahing dahilan pa rin na maituturing sa kawalan ng partisipasyon ng Pransya sa Rebolusyong Pilipino ay sa kadahilanang ang interes nito sa Asya ay wala sa kapuluan kundi nasa kapuluang (Mainland) Timog-Silangang Asya partikular sa Indochina.

Maraming mga balita ang kumalat hinggil sa nasabing tunggalian ng Pransya at Inglatera at ang naging ekstensyon nito sa isyu ng Rebolusyong Pilipino. Ayon kay Moisch, sa kabila ng pagiging tahimik ng Pransya sa isyu ng Pilipinas, ang Inglatera ay patuloy pa rin sa pagmamanman sa mga gawain ng mga Pranses.[40] Ang patuloy na pagdududa ng Inglatera sa kabila ng pananahimik ng Pransya sa usapin ng Pilipinas ay maituturing na bunga ng kumakalat na balita sa mga pahayagan sa iba't- ibang bahagi ng daigdig lalo na sa Europa sa pakikialam ng mga Kapangyarihang Europeo na binubuo ng Alemanya, Pransya at Rusya sa Digmaang Espanyol-Amerikano. Ang naturang pagdududa ng Inglatera sa Pransya ay masasabing resulta rin nang patuloy na kaba nito sa tatlong bansang nabanggit na maaring magkaisa laban sa kanya laluna't may umiiral na alyansa *(Dual Alliance)* sa pagitan ng Pransya at Rusya.

Ang naturang paligsahan sa pagitan ng Inglatera at Pransya ay hindi rin naikubli sa mata ng mga Pilipino. Sa isyu ng *El Heraldo*

*De La Revolucion* noong Oktubre 23 1898, binabanggit nito ang nalalapit na digmaan sa pagitan ng Fransya at Inglatera[41] Samantala, noong Oktubre 24,1898, ang pahayagang *Ang Kaibigan ng Bayan* ay naglabas ng ganitong balita:

> Bagaman lubhang ipinaglilihim ng Francia ay nakahalata rin na may pagumayac na guerra. Mga ilang vapor frances ay nag-lulan ng mga municiones at iba pang quinacailangan sa isang viajeng maluat. Ang mga vapor de guerra ng frances ay tumanggap na mga municiones na cailangan sa guerra.Maraming vapor ang nacahanda na trabajo ng matapos agad ang manga vapor na guinagawa.[42]

## Ang Naging Pagkilos at Paninindigan ng Rusya at Iba pang Kapangyarihang Europeo

Katulad rin ng iba pang makapangyarihan bansa sa daigdig, ang Rusya sa panlabas ay nagpahayag ng patakarang walang kinikilingan sa usapin ng Rebolusyong Filipino at sa Digmaang Espanyol-Amerikano sa pangkabuuan. Ngunit sa kabila ng pagpapahayag ng naturang paninindigan, sa pansariling saloobin ng mga opisyal nito, ang mga kaganapan sa Pilipinas sa panahon ng rebolusyon ay tinitingnan ng mga ito upang maisulong ang interes ng Rusya laluna sa Asya-Pasipiko. Sa isang balitang lumabas sa isa sa mga pahayagan sa St. Petersburg noong Mayo 20, 1898 na inilathala rin ng *New York Tribune* binabanggit dito ang nababalitang hangarin ng Rusya na makakuha ng pag-upa *(lease)* sa Espanya ng ilan sa mga isla sa Pilipinas upang maging base ng pagkain *(food base)* nito sa Pasipiko. Samantala, noong tag-init rin ng nasabing taon ay patuloy ang pagkalat ng balita sa interes ng Pransya sa Pilipinas upang magsilbing imbakan ng uling para sa Hukbong Pandagat nito sa Pasipiko.[43]

Ngunit ang nasabing lihim na hangarin ng Rusya sa Pilipinas ay kanyang tinalikuran kalaunan sa pangamba na makabangga ang Estados Unidos na hinahangad naman nito ang suporta sa pagsusulong ng interes nito sa Korea.

Ngunit sa panloob na paninindigan ng Rusya higit nitong pinapaboran na ang Pilipinas ay mapanatili sa Espanya bunga ng pangamba nito sa patuloy na paglakas sa Alyansang Anglo-Amerikano sa Asya-Pasipiko. Ngunit ang higit nitong pinangangambahan ay ang mapasakamay ang Pilipinas ng

Inglatera na magbibigay dito ng labis na lakas at kapangyarihan sa Asya Pasipiko. Magugunita na ang naturang alitan ng dalawang bansa ay nag-ugat sa matinding pagtutol ng Inglatera sa ginawang pagsakop ng Rusya sa Port Arthur. At matapos matanggap ang katotohanan na walang kakayahan ang Espanya na mapanghawakan at maipagtanggol ang kanyang interes sa Pilipinas, ang pinagtuunan na lamang ng Rusya ay ang lihim na pagsuporta sa pananakop ng Estados Unidos sa Pilipinas upang mahadlangan ang anumang balakin ng Inglatera na mapasakamay ang Pilipinas. Ngunit bunga ng nabubuong pagtutulungan sa pagitan ng Inglatera at Estados Unidos ay nangangahulugan na mananatili at lalo pang lalakas ang Inglatera sa Asya-Pasipiko sa pagsakop ng Estados Unidos sa Pilipinas.

Ang naturang pangyayari ay nagresulta sa paghahanap ng bagong estratehiya ng Rusya upang maisulong ang kanyang interes sa Asya-Pasipiko bunga ng nabuong pagtutulungan sa pagitan ng Estados Unidos at Inglatera. Kasunod na lamang ng nasabing pangyayari ay ang pagkalat ng mga balita sa mga pahayagan na pagsuporta at panghihikayat ng Rusya sa Hapon na sakupin ang Pilipinas. Sinasabing ang panghihikayat ng Rusya sa Hapon na sakupin ang Pilipinas ay naglalayong isulong din ang interes nito sa Silangan: ang mailayo ang atensyon ng bansang Hapon sa Kalupaang Asya (mainland Asia) laluna sa Korea[44]

Samantala, noong Agosto 11, 1898, si Hayashi, ang *Charge d' Affaires* ng Hapon sa Rusya ay nagpaabot ng mensahe sa Ministro ng Ugnayang Panlabas ng kanyang bansa upang ibalita ang ilang mga pananaw ng Ministro ng Ugnayang Panlabas ng Rusya hinggil sa Pilipinas. Ayon kay Hayashi binanggit sa kanya ng nasabing ministro na kung ang Estados Unidos ay magpapasiyang sakupin ang Pilipinas, ang Pamahalaang Ruso ay susunod na lamang sa mga hakbangin ng ibang mga makapangyarihang bansa ngunit ito ay hindi magpapasimula ng anumang hakbangin hinggil dito.[45] Sinasabi rin na ang tila walang pakialam ng Rusya sa usapin ng Pilipinas at hayaan na lamang itong mapasakamay ng Estados Unidos ay isang istratehiya upang masira ang atensyon at guluhin ang

pangunahing mga karibal nito sa Asya-Pasipiko: ang Inglatera at Hapon.

Sa kabila ng pag-ugong ng mga balitang pakikialam ng Rusya, Alemanya at Pransya sa usapin ng Pilipinas at pagtutol ng ilan sa pagsakop ng Estados Unidos sa Pilipinas tulad ng pahayagang *Novosti* ng *St. Petersburg*, ang nakararaming pahayagang Ruso ay nagpakita ng pagsang-ayon sa pananakop ng Estados Unidos sa Pilipinas.[46] Ang naturang paninindigan ng nakararaming pahayagan ay masasabing repleksyon lamang ng posisyon ng Pamahalaang Ruso na higit na makabubuti na mapasakamay ang Pilipinas ng isang Kapangyarihan partikular ang Estados Unidos kaysa mapaghati-hatian ng iba't-ibang Kapangyarihan at higit sa lahat ang masakop ito ng pangunahing karibal nito sa Asya-Pasipiko, ang Inglatera.

Hindi kataka-taka na ang Pransya at Rusya ay hindi naging aktibo sa mga kaganapan sa Pilipinas. Masasabing ang dahilan ng kawalan ng interes ng Rusya sa isyu ng Pilipinas ay dahil higit nitong pinili na lamang na ituon ang kanyang pansin sa mga teritoryong malapit sa kanya tulad ng Port Arthur at *Liaotung Peninsula* samantalang ang Pransya ay naglayong mapangalagaan at higit na mapalakas ang kanyang kontrol sa mga kolonya nito sa *Indochina*.[47]

Sa kabilang dako, ang Olandiya sa kabila ng kalapitan ng kolonya nito sa Pilipinas ay walang naging partisipasyon sa kadahilanan na noong mga panahong iyon ay abala ito sa kanyang kolonya. Samantala, ang Italya bunga ng pagkatalo nito sa Abyssinia ay tila nanamlay sa pagpapalawak. Ang iba pang mga imperyalista tulad ng Portugal ay masasabing papalubog na o sadyang lubog na bilang mga bansang makapangyarihan.

## KONGKLUSYON

Maituturing kung gayon na ang naging paninindigan at pagkilos ng mga bansang imperyalistang Europeo sa isyu ng Pilipinas ay hindi maihihiwalay sa namamayaring pulitka ng imperyalismo sa Asya-Pasipiko. Ang naging pagkilos ng mga imperyalista sa isyu ng Pilipinas ay batay sa isinusulong nitong mga interes sa Silangan. Ang Inglatera bilang may pinakamalawak na interes

sa Asya-Pasipiko at maging sa Pilipinas mismo ay nagkaroon ng isa sa pinakaaktibong papel sa mga kaganapan sa Asya-Pasipiko at maging sa Rebolusyong Pilipino. Dahil sa halos ang buong Asya-Pasipiko ay napaghati-hatian na ng mga bansang imperyalista, ang tanging naging bukas na lamang na pagpipilian sa mga imperyalista na naging huli sa pagpapalawak tulad ng Alemanya, Rusya, at maging ng Estados Unidos ay ang panghihimasok sa mga ilang bansa o bayan na mayroong mahihinang pamahalaan tulad ng Tsina o di kaya ay pang-aagaw sa mga kolonya ng mga kapwa imperyalista na mahina na at wala ng kakayahang ipagtanggol ang kanyang teritoryong nasasakop tulad ng Espanya.

Sa kadahilanan na ang Tsina na lamang ang wala pa sa direktang pagkontrol o kolonisasyon ng isang imperyalista at nananatiling bukas sa panghihimasok ng mga bansang makapangyarihan, hindi nakapagtataka na ito ang pangunahing pag-interesan ng mga bansang imperyalista. At sa mga bansang wala pang kolonya o napanghahawakang teritoryo sa Asya-Pasipiko tulad ng Rusya, Alemanya at Estados Unidos, naging pangunahing interes ng mga ito na ituring ang Pilipinas bilang "tuntungan patungo sa Tsina" *(stepping stone)* o di kaya ay maging imbakan ng uling *(coaling station)* at daungan ng mga barkong pandagat sa Asya-Pasipiko.

Sa konteksto ng imperyalismo, maituturing kung gayon na ang naging paninindigan at pagkilos ng mga bansang imperyalistang Europeo sa isyu ng Ikalawang Yugto ng Rebolusyong Pilipino maliban sa pansariling motibasyon sa pagpapalawak ay nakasalalay sa naging reaksyon ng isang kapwa imperyalista. Ang binibigyang konsiderasyon ay hindi ang mga Pilipino kundi ang kanyang kapwa imperyalista. Kaya, kapuna-puna na ang naging paninindigan ng magkaribal na Alemanya at Inglatera sa isyu ng Digmaang Pilipino-Amerikano ay upang huwag mapasakamay ng alinman sa kanila ang Pilipinas. Sa hangarin ng Inglatera na mahadlangang mapasakamay ng Alemanya ang Pilipinas, bunga ng kawalan ng kakayahan nitong maidagdag pa ang Pilipinas sa kanyang napakalawak na kolonya, minabuti na lamang nitong pumanig sa Estados Unidos.

Ang lantarang pagsuporta ng Inglatera ay nagpalakas ng loob at pumawi sa mga pag-aagam-agam ng Estados Unidos hinggil sa magiging reaksyon ng ibang mga imperyalista at nagbigay-daan din upang ganap ng hilingin ng Estados Unidos sa Espanya ang paglilipat (*cession*) ng buong Pilipinas sa kanya. Ang pangyayaring ito ang makapagpapatunay na ang naging kinabukasan at kapalaran ng Pilipinas sa panahon ng Rebolusyong Pilipino ay pinagdesisyunan ng mga imperyalista at hindi ng mga Filipino. At sa kanilang pagdedesisyon ang binigyang konsiderasyon ay ang pagsusulong ng kani-kanilang imperyalistang interes, partikular sa Asya- Pasipiko. Sa paligsahan ng mga imperyalista, hindi ni minsan sumagi sa kanilang isip ang kung ano ang gusto o nais ng mga Pilipino.

**MGA TALA**

1 Vladimir Lenin, *The Highest Stage of Capitalism: A Popular Outline* (Peking: Foreign Language Press, 1973), pp.91-99.

2 Leon Wolff, *Little Brown Brother: How The United States Purchased and Pacified the Philippine Islands At The Century's Turn* (New York: Doubleday and Company, Inc. 1961), p.111.

3 William Reynolds Bristed, *The United States Navy In the Pacific, 1897-1909* (Austin: Universiy of Texas Press, 1958, p. 35.

4 Ma. Luisa T. Camagay (tagapagsalin), *French Consular Dispatches* on the Philippine Revolution (Quezon City: University of the Philippines Press, 1997) p.70.

5 Camagay, p. 70.

6 *Libro Copiado*, 1897-1898.

7 *Libro Copiado*, 1897-1898.

8 *Libro Copiado*, 1897-1898

9 Aime Ernest Mosch, *The Diary of A French Officer On The War In the Philippines, 1898*. Isinalin Mula sa Pranses ni Marietta Enriquez-de la Haye Jousselin (Manila: National Historical Institute, 1994), p. 64.

10 *Ibid.*, p. 31.

11 Nicholas P. Cushner, "British Consular Dispatches on the Philippine Revolution, 1872-1901," *Philippine Studies*, Tomo 16 Blg. 13 (Hulyo, 1968), p. 523.

12 *Op. cit.*, 94 at 103.

13 *Congressional Record*, 55th Congress, Third Session, Dokumento Blg. 62, Unang Bahagi, p. 349.

14 *Op. cit.*, p. 64.
15 *Ibid.*, p. 40-41.
16 *Congressional Record*, 55th Congress, Third Session, Dok. Blg. 62, Unang Bahagi, p. 349.
17 Laurin Hall Healy at Luis Kutner, *The Admiral* (Chicago at New York: Ziff Daira Publishing Company, 1944), p. 161.
18 Thomas A. Bailey, "Dewey and The Germans at Manila Bay" *The American Historical Review*, T. 45, Blg. 1 (Oktubre, 1939), p. 60.
19 Bristed, *op.cit.* p. 34.
20 Wolff, *op.cit.* p. 111.
21 Bristed, *op.cit.* p. 34.
22 Bristed, *op.cit.* p. 34.
23 William Langer, *The Diplomacy of Imperialism, 1890-1902* (New York: Alfred A. Knoff, 160), p. 578.
24 *Congressional Record*, 55th Congress, Third Session, Dok. Blg. 62, Unang Bahagi, p. 337.
25 Moisch, *op.cit.* p. 44
26 John R.M. Taylor, *The Philippine Insurrection Against The United States: Compilation of Documents, With Notes And Introduction*, T.V. (Pasay City: Eugenio Lopez Foundation, 1971), p. 17.
27 Langer, *op. cit.*, p. 518.
28 Healy at Kutner, *op. cit.*, p. 204.
29 *Ibid.*, p. 208.
30 *Ibid.*, p. 204.
31 Richard Brinsley Sheridan, *The Filipino Martyrs: A Story of the Crime of February 4, 1899 by An Eyewitness*, reprint series by Solar Publishing Corporation (London at New York: John Lane, The Bodley Head, 1901), pp. 36-37.
32 Edwin Wildman "What Dewey Fear In Manila Bay," *The Philippine Review*, Agosto-Setyembre 1921, p. 71.
33 Hermogenes Bacareza, SVD, "Philippine-German Relation, Before and During the Revolution," Papel na Binasa sa, International Conference On the Philippine Revolution, Manila Hotel, Agosto 21-23, 1996, p. 9.
34 Healy at Kutner, *op. cit.* p, 210.
35 Bacareza, *op. cit.*, p. 9.
36 Moisch, *op. cit.*, p. 99.
37 Langer, *op. cit.*, p. 579.
38 *Philippine Revolutionary Paper* (PRP), Folyo 8, Galerada 295-296.

[39] Moisch, *op. cit.*, p. 85.

[40] Moisch, *op. cit.*, p. 85.

[41] Wolff, *op. cit.*, p. 112.

[42] Moisch, pp. 74-75.

[43] *El Heraldo de la Revolucion*, Oktubre 23, 1898, p. 70.

[44] *Ang Kaibigan ng Bayan*, Oktubre 24, 1898, p. 45.

[45] James K. Eyre, "Russia and The American Acquisition of the Philippines," *Mississippi Valley Historical Review* (Hulyo, 1942), pp. 543-552.

[46] Josefa Saniel, *Okuma Shigenobu and the 1898 Philippine Problem*, Waseda University Historical Sources, T.1, Blg. 1, 1965, walang pahina.

[47] Eyre, *op.cit.* pp. 553-557.